**Pamagat**: Ang Mga Benepisyo ng Biblical na Kaligtasan

**Texto**: Romans 11:33 "O the depth of the riches both of the wisdom and knowledge of God! how unsearchable are his judgments, and his ways past finding out!"

> Pagsasalin: *O ang kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Diyos! Hindi masasaliksi ang mga hatol niya, at hindi masiyasat ang kanyang mga daan!* (Roma 11:33)

**Panimula**:

1. Ang Biblical na Kaligtasan ay maraming mga benepisyo o blessing para sa anak ng Dios.
2. Ang mga halimbawang ito ay iilan lang at dapat pag-aralan ng mas mabuti, pero bibigyan natin ito ng pansin ngayon.

**I. Ang Tao na Ligtas ay Hindi na Inuuring "Makasalanan" kundi "Santo."**

A. Ang ibig sabihin ng salitang "santo" ay isang tao o bagay na inilaan (itinabi o ibukod) para sa Panginoon. (1 Cor. 1:2; 6:9-11 – "ginawang banal" o sagrado at tinawag na banal or santo).
B. Bagamat siya ay banal, siya parin ay nagkakasala (dahil sa kanyang "flesh"), pero dahil sa position natin (kay Cristo), ang Christiano ay binibilang na santo.

**II. Ang Tao na Ligtas ay Hindi na Alipin ng Kasalanan, ni Satanas, o ng Kamunduhan pero siya ay Alipin ng Panginoong Jesus at ng Katuwiran.**

A. (Romans 6:16-18 – ipinaubaya o ihinandog bilang alipin ay alipin niya; v.17 – dating alipin ng kasalanan/naging alipin ng katuwiran).
B. Ang tungkulin ng Christiano ay mabuhay para sa Panginoon. At ang karangalan ng Christiano ay maging discipulo ni Jesus.

**III. Ang Tao na Ligtas ay Hindi na Hinahatulan ng Dios kundi Siya ay Inaaring-ganap.**

A. (Romans 5:1, 9, 18 – pinaging-matuwid; itinuturing ganap).
B. Ang Christiano ay acquitted o absuweltado sa hatol/poot ng Dios at ipinahayag ng Dios na matuwid dahil kay Cristo Jesus.

**IV. Ang Tao na Ligtas ay Hindi na Patay sa Espiritu pero Siya ay Buhay sa Dios.**

A. (Ephesians 2:1 – dating mga patay – noong mga patay).
B. Ang kaligtasan ay ang pag-pasok sa Pamilya ng Dios. Sabay narin dito ang pagiging mamamayan ng Langit at ng Kaharian ng Dios.

**V. Ang Tao na Ligtas ay Bagong Nilalang.**

A. (2 Cor. 5:17 – ang mga dating bagay ay lumipas na; ang lahat ng mga bagay ay naging bago).
B. Dati tayo ay patay, pero ngayon tayo ay buhay; dati bulok, pero dahil kay Cristo mahalimuyok. Dati rejected, pero ngayon accepted.

**VI. Ang Tao na Ligtas Pinatawad ng Dios sa Kabayaran ng Kasalanan.**

A. (Eph. 1:7; Col. 2:13).
B. Pinawalang sala siya sa lahat ng parusa at kabayaran ng kayang mga kasalanan.

**VII. Ang Tao na Ligtas ay may Katulong Laban sa Kahinaaan ng Laman.**

A. (John 14:16-17 – ibang Tagapagtulong, Tagapagpayo, Mangaaliw; Espiritu ng Katotohanan). Comforter – Tagapamibay ng Lakas
B. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay ng kakayahan upang magampanan natin lahat ng nais na magampanan natin ng Dios.

**Katapusan**:

1. Magpasalamat tayo sa lahat ng mga pagbabago sa buhay natin dahil kay Jesus.
2. Itong mga pagbabago ay nakikita sa lahat ng mga ligtas – sa tulong at grasya ng Dios.